

1

“Sige, Ma’am, marami pong salamat. Miss Delgado and I will surely use these materials to make a memorable presentation,” sabi ni Richard Neri sa isang matandang matrona na kasama nila sa kuwadradong mesa sa *Café Bola Restaurant*. “Hindi ba, Fortune?”

Fortune almost rolled her eyes. Talaga naman itong si reliable, nerdy Richard, sadyang goody-goody. Hindi na nito kailangang magpa-impress kay Señora Claribelle Laput, dahil sealed na ang kanilang account. Kliyente na ng kanilang advertising firm, ang *Whiteboard Campaigns*, ang *Miss Philippines Inc.*, na siyang nagpapatatko ng *Miss Philippines* pageant.

Si Chard ang graphic designer at siya naman ang copywriter. Actually, kung hitsura ang gagawing basehan, hindi mukhang creative type si Richard. Napaka-boring kasi nitong pumorma. In fact, may pagka-baduy itong manamit. He looked more like a software programmer than a graphic designer.

Ngayon ang suot nito ay khaki pants, long-sleeved white polo na nakabutones hanggang kuwelyo, at brown moccasins na may brown tassles na nakalawit sa dulo. So very 80’s. Ang baduy-baduy!

He had sun-kissed skin and he was tall. Subalit sa kabila

niyon, para sa kanya, walang dating si Richard Castrillo Neri.

Ang bukod-tanging takaw-pansin sa mukha nito ay ang makapal nitong salamin. Cliché na kung cliché, pero ganoon ito. He's so in dire need of a makeover, na sinabi na niya sa binata, pero hindi naman nito pinakinggan. Allergic daw ito sa contact lens. Ayaw rin nitong magpa-laser surgery, kahit marami itong pera.

Noong bago sa ahensya si Fortune, ang kuwento ay rich kid daw itong si Richard at ang mas angkop na palayaw rito ay Rich kaysa ang tunay na nickname nitong Chard. At nang makasama niya ito at naging ka-close sa isang proyekto, napatunayan niyang totoo ang balita.

After much prodding on her part, inamin nga nito na ang pamilya Neri ay nagmamay-ari ng malawak na lupain somewhere in Visayas. He went to Manila, much to his family's dismay, dahil gusto nitong subukan maging independent. Hindi pa raw ito handa, to take on the reins of the family business.

Ngayon alam na niya kung bakit maraming girls sa opisina nila ang nagkakandarapa at nagpapakita ng motibo rito, kahit hindi naman ito ganoon ka-cute. But Chard was either dense, o talagang stuck lang ito sa makalumang panahon kaya hindi binibigyang-pansin ang mga agresibong babaeng iyon.

Sa halip, si Fortune ang napili nitong ligawan. Napangiwi siya sa isipin.

“Hindi ba, Fortune, we will do our best?” untag ni Richard. At ang malakas nitong boses ang siyang humuli sa kanyang atensyon.

“Ah, opo,” kaagad niyang sagot. Kung dati, kinagigiliwan niya ang boses nitong malambing, ngayon ay naaalibadbaran na siya. Pero siyempre, hindi niya iyon puwedeng ipahalata. She immediately composed herself, dahil nakakahiya naman kung matunugan ni Señora Claribelle Laput, isang kilalang socialite at ang dating *Miss Philippines*, na naglalakbay ang utak niya. “I’ll really do my best. In fact, marami na nga po akong naiisip na tagline at storyboard ideas para sa TV plugs.”

Sa totoo lang, she wasn’t looking forward to write copy for this beauty pageant. Una, dahil makaka-team niya si Richard sa project, kung kailan naman iniawasan niya ito. Pangalawa, hindi siya mahilig manood ng mga ganoong pageants.

“That’s great,” pumalakpak na sabi ng matrona. Kay laki ng ngiti nito at halos masilaw si Fortune sa maputi nitong ngipin. “I’m really looking forward to our next meeting then.”

Fortune smiled back at her, which was the polite thing to do. Tunay kaya ang ngipin ng matanda? “Okay, Ma’am,” pagtatapos niya. She began gathering her files, para makabalik na sila sa opisina.

Pero natigilan siya nang sabihin nito, “Wait!”

She looked up at the older woman and saw that she was

looking at her strangely. Hinintay niya kung ano ang sasabihin nito, pero hindi naman bumuka ang bibig nito. Señora Laput just openly stared at her.

For the next few seconds, wala munang nagsalita. Fortune felt uncomfortable dahil pakiwari niya, kakaiba talaga ang pagtitig ng matrona sa kanya. It's as if the woman was sizing her up.

Sa wakas, nagsalita si Richard. “May kailangan pa po ba kayo, Ma’am?”

Nakahinga siya nang maluwag dahil sa intervention ng binata. Feeling talaga niya, para siyang isang mannequin na sinusuri ni Señora Laput. She mentally thanked Chard for putting a stop to that awkward moment. She took every nasty thought that she had had about him for the past two months, simula nang nagpalipad-hangin ito sa kanya.

In fairness to him, walang masama kung goody-goody ito. He was just a genuinely nice guy. At hindi ito sadyang nagpapa-impress tulad ng ibang lalaki. Ni hindi nga nito ipinagyayabang ang mga accomplishments. As for his clothing, hindi naman iyon ganoon kasagwa. There could be a lot worse things in a person.

Nagsimula sila bilang magkaibigan sa *Whiteboard Campaigns*. Mag-iisang taon na rin siyang nagtatrabaho roon. Sa simula, dahil sa mga personal niyang problema, she just kept to herself. Hindi siya iyong tipong mabilis mag-open up. Dahil doon, alam ni Fortune binansagan siyang antipatika ng ilang mga

katrabaho. And among all of them, it was just Richard who stuck it out with her and took the time to get to know her.

Ang problema, hindi niya na-realize na may hidden agenda ito. Kung alam lang niya na liligawan siya nito, from the very start, sana tumiklop na rin siya at nanahimik sa company nito. Kaso masarap itong kakuwentuhan kaya naging madalas silang magkasama tuwing lunch.

In fairness to him, mukhang wala naman itong ulterior motive sa pakikipagkaibigan sa kanya. Nang magtapat ito, he said so himself— *“I don’t know how this happened, kasi kaibigan lang ang turingan natin sa isa’t isa. Pero isang araw nagising na lang ako and I realized masaya ako kasi nariyan ka. I think I’m falling for you. Sana, hindi ka magalit sa sinabi ko. But I just can’t contain my feelings anymore.”*

Unfortunately for him, Fortune couldn’t reciprocate the feelings. Talagang kaibigan lang ang turing niya rito. To begin with, wala pa siyang planong pumasok sa isang relasyon dahil marami pa siyang dapat ayusin sa kanyang pamilya.

Add to the list, si Chard ay hindi niya type. She liked macho men who dressed well and are adventurous go-getters. Total opposite niyon ang binata na mukhang nerd, de-numero ang kilos, at lahat ay nakaplano. She could never fall in love with someone like him—boring, predictable, and nerdy.

Ang sinagot niya rito ay— *“I’m sorry, Chard, pero where I*

am now, hindi pa ako handa sa isang relasyon. Alam mo naman ang nangyari sa pamilya ko, hindi ba? Besides, kapatid ang turing ko sa 'yo.'

Nabasa niya ang disappointment sa mga mata nito. *"I understand, Fortune,"* sabi nito noon. *"I hope this doesn't change anything between us."*

Tumango siya, pero sa isip-isip niya, *Puwede ba naman 'yon? Na walang magbago?* Sa tingin talaga niya, suntok iyon sa buwan.

And she was right.

After that, sinubukan nilang bumalik sa normal ang kanilang pagkakaibigan, pero talagang hindi nila magawa iyon. The idea of her rejection was hanging in the air. Nagbago ang lahat sa pagitan nila. Parang nagkaroon ng maliit na crack ang maganda nilang pagsasamahan. At ang maliit na crack na iyon ay parang unti-unting lumaki sa pagdaan ng bawat araw. Hanggang sa ngayon, naging napakalaki na ng puwang.

Pareho silang naging ilag sa isa't isa. Namalayan na lang ni Fortune na unti-unting nawala ang mga paglabas-labas nila tuwing lunch. Nariyan ang mga excuses—client meeting, dentist appointment, trying to beat a deadline, etcetera. Bibihira na rin silang mag-text at mag-usap sa telephone.

Ngayon na lang sila muling nagkasama sa lunch, dahil sa *Miss Philippines* project. And only because it was a working lunch.

“Actually, I need to say something that I have been thinking for a long time,” dramatikong sabi ni Señora Laput. And to Fortune’s great surprise, kinuha nito ang kamay niya, na nakapatong sa mesa. “Hija, bakit hindi ka sumali?” dagdag nito.

“Po?” naguguluhang sabi niya. It was the only thing she could say dahil litong-lito siya sa sitwasyon.

“Stand up,” utos nito. Ni hindi na nito hinintay na tumayo siya on her own, maingat na hinila nito ang kamay niya upang itayo siya. “C’mon, stand up, please.”

Kahit walang naiintindihan sa ikinikilos ni Señora Laput, sinunod niya ito. Marahan niyang inalis ang kamay mula sa pagkakahawak nito.

Lumipad ang tingin ni Fortune sa binata, pinapanood lang sila nito, at wala man lang ginawa. Inirapan niya ito.

“Now turn around, Hija.”

This time, hindi siya nagpaunlak. “Teka, teka po,” simula niya. Ibinalik niya ang atensyon sa señora. Hindi pa rin niya maintindihan kung ano ba talaga ang nais nitong iparating.

“Hindi naman ho ako ballerina na umiikot na parang trumpo,” sarkastikong dagdag niya. “Mawalang-galang na lang ho, but can you please explain why you’re asking me to do all these things? Wala naman po itong kinalaman sa trabaho ko.”

Nakita niyang nagtaas ng kilay ang matrona, marahil dahil

sa kaprangkahan niya. Pero hindi naman ito nagsalita, at nanatili lang nakatitig sa kanya. She was beginning to grow even more uncomfortable by the second.

“Fortune, I think she’s asking you to do that, dahil niyaya ka niyang sumali sa *Miss Philippines* pageant,” buong kaseryosohang sabi ni Richard, na umagaw sa kanyang atensyon.

Lumipad ang tingin niya sa binata. “What?”

“He’s right,” sabi ni Señora Laput. There was a hint of amusement in her voice now. “I like this PR angle, huh, kung makapasa ka sa screening. An unassuming candidate.” Itinaas nito ang mga kamay sa ere, and made out a line using both her hands, na para ba kunwaring nagbabasa ng headline.

“Of course makakapasa siya sa screening, Ma’am,” narinig niyang sagot ni Richard. “She’s one of the prettiest girls I know.”

“I agree,” anito. “At present, we are holding the screening of candidates in our office at the *Araneta Coliseum* until end of next week. I really think you should drop by. Siguradong makakapasa siya, di ba, Hijo, ‘cause she has such a striking face.”

Hindi makaimik si Fortune. Nakita niyang tumango-tango si Chard. She couldn’t believe they were talking about her, like she wasn’t even there. At ano naman itong kabaliwan na pinapasali siya sa isang beauty contest? She had enough problems on her plate already, at ayaw na niyang magdagdag pa ng batong ipupukpok sa sariling ulo.

Alam niya kung ano ang kanyang hitsura dahil nakikita niya ang sarili sa salamin araw-araw. Namana niya ang dugong Kastila ng nasirang ama. She knew she was above-average looking, pero alam niyang hindi siya beauty queen material. Ang pinakamalaking factor doon ay ang kanyang height. Ni hindi siya matangkad, by beauty queen standards. She was only five feet and six inches tall.

“Salamat sa papuri,” simula niya. Pinag-isipan niyang mabuti ang idadahilan dahil ayaw niyang ma-offend ang chairwoman ng pageant. “Pero wala po akong balak sumali sa competition. Una, hindi po ako magaling maglakad habang nakasuot ng high heels. Pangalawa, punggok po ako. At panghuli, hindi ko talaga hilig ang ganoon.”

Iniling ng matanda ang ulo. “Sayang naman.”

“Sayang nga,” Richard echoed.

Pinandilatan ni Fortune ang kaibigan. Bakit ba kasi pulos ito second the motion? Through her eyes, pinatahimik niya ito. Alam niyang makukuha nito ang kanyang non-verbal message kasi despite everything that happened the past two months, matagal na rin silang magkaibigan. Bakit ba siya nito pinasasali sa beauty contest? Siguro gusto lang siya nitong makitang nakasuot ng bikini. *Maniac!*

“You know, sa height mo, wala tayong magagawa roon,” prangkang sabi ni Señora Laput. “But think Gloria Diaz isn’t that

tall too, but she won *Miss Universe*.”

Akmang ibubuka niya ang bibig, pero nagpatuloy ito, “As for the other things, we can remedy those with the proper training, Hija. That’s why we have a three-week long training session before the coronation night. You’ll be billeted in a hotel with the other candidates. You’ll focus on nothing but personality enhancement, visual poise, makeup application, etcetera. Kasama na roon ang lessons kung paano maglakad na nakasuot ng four-inch heels.”

“Ma’am, hindi ko naman po maiiwan ang trabaho ko nang ganoon katagal,” pagdadahilan ni Fortune. Umupo siya, because she felt like a sore thumb standing there. Nasa pampublikong restaurant pa naman sila.

Ikinampay nito ang kamay sa era. “*Dios mio*, Hija! You can take a leave. Kung gusto mo talagang sumali, kakausapin ko ang CEO ninyo. I’m good friends with him.”

“Hindi na po! Hindi na!” mabilis niyang sabi. “Sa palagay ko kasi, hindi ho talaga ako beauty queen material. Mapapahiya lang ako.”

“I beg to disagree,” kontra ni Señora Laput. “I know one when I see one. At matagal ko iyon naiisip about you in our past meetings.” May kinuha ito sa bag, kapagkuwa’y iniabot nito sa kanya ang isang calling card.

“That is Millie Ignacio’s private line,” patuloy nitong sabi. “Siya ang in-charge sa screening committee. You probably have

the staff's phone already kasi kayo ang nag-design ng flyers. Nevertheless, I want you to have her card, in case you change your mind.”

Walang choice si Fortune kundi kunin ang tarheta, kahit na mayroon na nga siyang ibang numero ng assistant ni Millie, na nakausap na niya dahil sa proyekto. Baka sabihin pa ng society maven na nag-iinarte siya. “Sige po, Ma’am. Salamat.”

Inilagay niya ang card sa loob ng bag. After a while, hindi na rin niya napigilan ang sarili, at sinabi ang laman ng isip. “Sorry, Ma’am, pero ngayon pa lang sinasabi ko na that I don’t think I’ll ever change my mind.”

To her great surprise, natawa nang malakas ang dating *Miss Philippines*. “In this lifetime, Hija, huwag na huwag kang magsasalita nang patapos. You might end up eating your words. And let me tell you from my own experience, it is never delicious.”